ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

GABAYTORYA: INTERBENSYON SA PAGSASANAY SA PAGBASA AT PAG-UNAWA SA FILIPINO

Riza Jane Villanueva Crisaldo
Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Gabaytorya: Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino. Layunin nitong masuri ang bisa ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagbasa sa pamamagitan ng pagtukoy sa antas ng paggamit batay sa bahagi at katangian nito, gayundin ang antas ng pag-unawa, kaalaman at pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sinikap din ng pag-aaral na matukoy kung may makabuluhang kaugnayan at epekto ang Gabaytorya sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral.

Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong-korelasyong disenyo. Ang mga naging tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang siyamnapu't isang (91) mag-aaral mula sa baitang 11 ng Talangan Integrated National High School sa taong panuruan 2025-2026. Ang mga datos na nakalap gamit ang talatanungan ay sinuri gamit ang weighted mean, standard deviation, Pearson-R, at Multi-Linear Regression Analysis bilang istatistikal na pamamaraan.

Batay sa resulta, ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagbasa ay lubos na nailalapat sa lahat ng bahagi nito. Sa aspektong paksa, malinaw ang paglalahad at nagbigay ng wastong konteksto sa mga mag-aaral. Sa pagpapaunlad, naging epektibo ang mga gawain dahil nakaayon ang mga ito sa mahahalagang kasanayan sa pagbasa. Sa pagpapalihan, nakatulong nang malaki ang paggamit ng mga visual aids at graphic organizers, habang sa paglalapat, madaling naisagawa ang mga gawain sa loob ng klase. Ipinakita rin ng resulta na ang mga katangian ng Gabaytorya ay lubos na nailalapat. Ang kalinawan sa mga hakbang na nagsilbing hikayat sa paggamit ng mga guro, habang ang teknikal na pormat at disenyo nito ay angkop sa antas at pangangailangan ng mga mag-aaral, lalo na sa mga may learning challenges. Sa aspeto ng pag-unawa sa Filipino, nakitaan ng pag-unlad ang mga mag-aaral sa bokabolaryo, kawastuan, at bilis ng pagbasa. Gayundin, naging kasiya-siya ang kanilang pagganap sa pasulat at pasalitang pagsusulit. Natuklasan ang positibong kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng Gabaytorya at pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Lumalabas din sa pag-aaral ang positibong epekto ng Gabaytorya sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ang Gabaytorya ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan bilang interbensyon sa pagsasanay sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin, inilahad ang makabuluhang epekto ng Gabaytorya sa pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, kaya ang dalawang haypoteses ay hindi tinatanggap. Bilang kongklusyon ng pag-aaral, ang paggamit ng Gabaytorya sa mga mag-aaral bilang interbensyon ay nakatulong sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman at pag-unawa.

Inirerekomenda ang patuloy at pinalawak na paggamit ng Gabaytorya at karagdagang pag-aaral upang higit pang mapahusay ang pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa sa Filipino.

SUSING SALITA: *Gabaytorya, Interbensyon, Pagbasa, Pagganap,Pag-unawa*

1. Panimula

Ang pagbasa ay mahalagang kasanayang pangwika na nagsisilbing susi sa pagkatuto sa iba't ibang asignatura at larangan ng buhay. Sa pamamagitan ng pagbasa, ang isang mag-aaral ay nahuhubog hindi lamang sa kaalaman kundi pati sa mas malalim na pag-unawa, pagninilay, at kritikal na pag-iisip. Sa makabagong panahon, kinikilala na rin ang mga graphic organizers, sound walls, at interactive activities bilang makabuluhang kasangkapan sa edukasyon (Reyes, 2016). Napag-alaman na ang paggamit ng mga visual aids at hands-on activi ay "powerful tool for quickly understanding concepts" at epektibo sa iba't ibang estilo ng pagkatuto. Napag-alaman na ang mga kwento at gabay na isinama sa sistematikong interbensyon ay epektibo sa pagpapahusay ng bokabolaryo, kawastuan sa pagbasa, at bilis ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino dahil ito ay nakapagpapasigla ng interes at aktibong partisipasyon sa pagkatuto (Lodriga, 2020).

Ang mga likhang kagamitan ay maaaring magsilbing mabisang instrumento sa remedial at enrichment classes sapagkat pinagsasama nito ang kwento, aktibidad, at gabay sa iisang interbensyon. Malaki ang potensiyal nito sa pagpapalakas ng bokabolaryo, pagpapahusay ng kawastuan sa pagbasa, at pagpapabilis ng pag-unawa sa binasang teksto (Garcia, Santos, at Reyes, 2025). Bukod dito, nakatutulong rin ito sa paghubog ng mga positibong gawi sa pagbabasa, kritikal na pagninilay, at pagpapahalaga sa tamang kaalaman at wastong asal na nakukuha sa mga akdang binabasa na maaaring iangkop ng mga magbabasa sa kanilang tunay na buhay.

Kaya naman, layunin ng pananaliksik na Gabaytorya: Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino ay tukuyin ang bisa ng interbensyon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa, pag-unawa, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Inaasahang ipapakita ng pag-aaral kung paano nakatutulong ang Gabaytorya sa paglinang ng bokabolaryo, kawastuan sa pagbasa, at bilis ng pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral. Higit pa rito, layunin din nitong suriin kung paano nakatutulong ang Gabaytorya sa paghubog ng mas malalim na pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at tamang pagpapahalaga sa mga aral na nakapaloob sa binasa.

Ang interbensyon ay nakabatay sa ideya na ang pagbasa ay isang proseso ng interaksyon sa pagitan ng mambabasa at ng tekstong binabasa. Sa pamamagitan ng mga gabay na tanong, aktibidad, pagsasanay, at pagtatasa, layunin ng Gabaytorya na palalimin ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa pamamagitan ng kontekstwal, makabuluhan, at kulturang angkop na mga babasahin na sadyang nilikha upang mapagyaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagbasa sa asignaturang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang kabisaan ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay nagnais na alamin at tugunin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Paggamit ng Gabaytorya bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino batay sa Bahagi ayon sa;
   1.1 Paksa;
   1.2 Pagpapaunlad;
   1.3 Pagpapalihan; at
   1.4 Paglalapat?
2. Ano ang antas ng Paggamit ng Gabaytorya bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino batay sa Katangian ayon sa;
   2.1 Hikayat sa Paggamit;
   2.2 Kalinawan;
   2.3 Teknikal na Pormat; at
   2.4 Disenyo?
3. Ano ang antas ng Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral batay sa:
   3.1 Bokabolaryo;
   3.2 Kawastuan sa Pagbasa; at
   3.3 Bilis ng Pagbasa?
4. Ano ang antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa:
   4.1 Pasulat na Pagsusulit; at
   4.2 Pasalitang Pagsusulit?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang Gabaytorya bilang Interbensyon sa Pagsassanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral?
6. May makabuluhang epekto ba ang Gabaytorya bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong-korelasyong disenyo. Ang mga naging tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang siyamnapu't isang (91) mag-aaral mula sa baitang 11 ng Talangan Integrated National High School sa taong panuruan 2025-2026. Ang mga datos na nakalap gamit ang talatanungan ay sinuri gamit ang weighted mean, standard deviation, Pearson-R, at Multi-Linear Regression Analysis bilang istatistikal na pamamaraan.

3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpresenta ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng Pahayag ng Suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusuportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral, at makabuluhang epekto sa pagitan ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagganap ng mga mag-aaral.

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

Antas ng Paggamit ng Gabaytorya Bilang Interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa Batay sa Bahagi

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi ay tumutukoy sa paksa, pagpapaunlad**,** pagpapalihan**,** at paglalapat.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot. Ang mga datos na ito ay nagsisilbing batayan sa pagsusuri ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagsasanay sa pagbasa at nagbibigay ng malinaw na larawan kung gaano ito tinanggap, ginamit, at pinahalagahan sa aktuwal na proseso ng pagtuturo at pagkatuto na maaaring magsilbing mahalagang sanggunian sa pagpapabuti at patuloy na pagpapaunlad ng mga interbensyong pampagbasa sa paaralan na nakatutulong sa mga mag-aaral.

Talahanayan 1.

Antas ng Paggamit ng Gabaytorya Bilang Interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa Batay sa Bahagi Ayon sa Paksa

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nagbibigay-linaw ang paksa sa Gabaytorya at nagpapakita ng ideya kung ano ang inaasahang matutuhan sa aralin.	4.27	0..68	Lubos na sumasang-ayon
Napag-uugnay ng paksa sa bahagi ng Gabaytorya ang aralin at ang dating kaalaman ng mga mag-aaral.	4.27	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nakakapukaw ng interes ng mga mag-aaral na basahin at unawain ang paksa.	4.35	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay ng motibasyon ang paksa upang makilahok ang mga mag-aaral sa mga kasunod na bahagi ng aralin.	4.23	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Naglalahad ang paksa ng malinaw na layunin para sa pagsasanay sa pagbasa at pag-unawa gamit ang Gabaytorya.	4.56	0.64	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.34 0.66 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi.

Naglalahad ang paksa ng malinaw na layunin para sa pagsasanay sa pagbasa at pag-unawa gamit ang Gabaytorya na may (*M* = 4.56) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Paksa at sinusuportahan ng (*SD* = 0.64). Gayundin, nakakapukaw ng interes ng mga mag-aaral na basahin at unawain ang paksa na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.23) na may (*SD* = 0.72), ipinapakita

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

pa rin nito na nagbibigay ng motibasyon ang paksa upang makilahok ang mga mag-aaral sa mga kasunod na bahagi ng aralin**.**

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi ayon sa Paksa ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.34 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ang Paksa ng Gabaytorya bilang sentro ng motibasyon at direksyon sa pagsasanay sa pagbasa. Ang mataas na tugon sa malinaw na layunin at interes na nagbibigay ng pukaw saa paksa ay nagpapatunay ng epektibong simula na nagiging pundasyon ng tagumpay sa buong interbensyon.

Talahanayan 2.

Antas ng Paggamit ng Gabaytorya Bilang Interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa Batay sa Bahagi Ayon sa Pagpapaunlad

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Naglalahad nang malinaw na pagkakaayos ang mga tanong at aktibidad na nagpapadali sa pag-unawa sa teksto.	4.45	0..67	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang pagpapaunlad na bahagi ng Gabaytorya na mapaunlad ang kaalaman ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malinaw at maayos na panuto sa bawat aktibidad.	4.48	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapalalim ng pag-iisip tungkol sa binasa ang mga tanong sa bahagi ng pagpapaunlad.	4.15	0.71	Sumasang-ayon
Naiaangkop sa antas ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral ang mga gawain.	4.24	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakilala ang bahaging ito kung paano bumuo ng hinuha at magsuri ng impormasyon mula sa binasa.	4.43	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.35 0.67 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi.

Nakatutulong ang pagpapaunlad na bahagi ng Gabaytorya na mapaunlad ang kaalaman ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malinaw at maayos na panuto sa bawat aktibidad na may (*M* = 4.48) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Pagpapaunlad at sinusuportahan ng (*SD* = 0.66). Gayundin, naglalahad nang malinaw na pagkakaayos ang mga tanong at aktibidad na nagpapadali sa pag-unawa sa teksto na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.15) na may (*SD* = 0.71), ipinapakita pa rin nito na nagpapalalim ng pag-iisip tungkol sa binasa ang mga tanong sa bahagi ng pagpapaunlad**.**

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi ayon sa Pagpapaunlad ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.35 at *standard deviation* na 0.67 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, sinaad ng mga resulta ang mataas na bisa ng Gabaytorya bilang interbensyon sa Pagpapaunlad, dahil sa mataas na mean scores na nagpapakita ng malinaw na panuto at malalim na aktibidad na nagpapahusay ng pag-unawa at pag-iisip ng mag-aaral na naghuhudyat sa mas mabisang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang akdang binasa. Ang resulta ng standard deviation ay nagpapatunay ng pagkakapare-pareho ng positibong karanasan mula sa mga tagatugon, na nagmumungkahi ng potensyal nitong gamitin sa kurikulum ng pagsasanay sa Pagbasa.

Talahanayan 3.

Antas ng Paggamit ng Gabaytorya Bilang Interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa Batay sa Bahagi Ayon sa Pagpapalihan

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nagbibigay ang bahagi ng pagpapalihan ng pagkakataon upang makipagtalakayan ang mga mag-aaral tungkol sa binasa.	4.14	0.68	Sumasang-ayon
Nagpapalalim sa pag-unawa sa aralin ang pagbabahagi ng opinyon.	4.30	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nagtuturo ang bahaging ito sa mga mag-aaral na makinig sa iba't ibang pananaw ng kanilang mga kamag-aral.	4.34	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapadali ng pag-unawa sa mga mahihirap na bahagi ng teksto ang kolaborasyon sa Gabaytorya.	4.22	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay kabuluhan sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang interaktibong palitan ng kaalaman sa bahaging ito.	4.22	0.73	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.24 0.67 Lubhang Mabisa		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi.

Nagtuturo ang bahaging ito sa mga mag-aaral na makinig sa iba't ibang pananaw ng kanilang mga kamag-aral na may (*M* = 4.34) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Pagpapalihan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.72). Gayundin, nagpapalalim sa pag-unawa sa aralin ang pagbabahagi ng opinyon na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.14) na may (*SD* = 0.68), ipinapapakita pa rin nito na nagbibigay ang bahagi ng pagpapalihan ng pagkakataon upang makipagtalakayan ang mga mag-aaral tungkol sa binasa**.**

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi ayon sa Pagpapalihan ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.24 at *standard deviation* na 0.67 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ang malakas na bisa ng Gabaytorya sa Pagpapalihan, dahil sa mataas na mean scores na nagpo-promote ng pakikinig sa magkakaibang pananaw at talakayan, na nagpapahusay ng kolaboratibong pag-unawa sa teksto. Ang resulta ng standard deviation ay nagpapatunay ng konsistente at positibong tugon mula sa mga tagatugon, na nagmumungkahi ng epektibong paggamit nito sa paglinang ng komunikasyon sa klase.

Talahanayan 4.

Antas ng Paggamit ng Gabaytorya Bilang Interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa Batay sa Bahagi Ayon sa Paglalapat

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nagpapalalim sa pag-unawa sa aralin ang mga aktibidad sa paglalapat.	4.21	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ang bahaging ito ng sariling interpretasyon ng mga mag-aaral sa mga tekstong binasa.	4,29	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-daan ang paglalapat upang magamit sa totoong buhay ang mga natutunan.	4.31	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapalawak ang bahaging ito ng pagkamalikhain sa pagsagot ng mga gawain.	4.29	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng halaga ng binasa ang paglalapat kapag naiaangkop sa karanasan o kapaligiran.	4.35	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.29 0.66 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi.

Nagpapakita ng halaga ng binasa ang paglalapat kapag naiaangkop sa karanasan o kapaligiran na may (*M* = 4.35) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi sa mga tuntunin ng Paglalapat at sinusuportahan ng (*SD* = 0.67). Gayundin, nagbibigay-daan ang paglalapat upang magamit sa totoong buhay ang mga natutunan na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.21) na may (*SD* = 0.68), ipinapapakita pa rin nito na nagpapalalim sa pag-unawa sa aralin ang mga aktibidad sa paglalapat**.**

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa bahagi ayon sa Paglalapat ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.29 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, pinapatunayan ng mga resulta ang mataas na epektibo ng Gabaytorya sa Paglalapat, sa pamamagitan ng mataas na mean scores na nagpo-promote ng koneksyon ng teksto sa totoong buhay at personal na karanasan. Ang resulta ng standard deviation ay nagpapahiwatig ng pare-parehong positibong epekto sa mga tagatugon, na nagmumungkahi ng potensyal nitong pagpapahusay sa praktikal na aplikasyon ng pagbasa sa kurikulum.

Antas ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino Batay sa Katangian

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng katangian ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagbasa at pag-unawa sa Filipino batay sa katangian ay tumutukoy sa mga sumusunod: Hikayat sa Paggamit, Kalinawan**,** Teknikal na Pormat**,** at Disenyo.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.Ang mga katangiang ito ay sinuri upang matukoy kung gaano kaepektibo ang Gabaytorya bilang kagamitang panturo sa pagpapasigla ng interes, pag-unawa, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.igit pa rito, ipinakikita ng mga resulta kung ang estruktura at biswal na kaanyuan ng Gabaytorya ay angkop at madaling gamitin sa aktuwal na pagsasanay sa pagbasa. Sa kabuuan, ang pagsusuring ito ay nagbibigay ng batayan sa pagpapatibay at patuloy na pagpapahusay ng Gabaytorya bilang interbensyon sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 5.

Antas ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino Batay sa Katangian Ayon sa Hikayat sa Paggamit

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nagbibigay-hikayat ang Gabaytorya na gamitin ang mga natutunan sa iba't ibang gawain.	4.27	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng praktikal na aplikasyon ang mga halimbawa at aktibidad sa Gabaytorya.	4.25	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Nag-uudyok ang mga gawain na ipamalas ang kasanayan sa loob at labas ng klase.	4.21	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapalakas ng interes ang malinaw na layunin at gamit ng aralin sa pang-araw-araw na buhay.	4.42	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng kabuluhan ang Gabaytorya sa pamamagitan ng koneksyon nito sa tunay na sitwasyon.	4.41	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.31 0.65 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian.

Nagpapalakas ng interes ang malinaw na layunin at gamit ng aralin sa pang-araw-araw na buhay na may (*M* = 4.42) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian sa mga tuntunin ng Hikayat sa Paggamit at sinusuportahan ng (*SD* = 0.68). Gayundin, *nagpapakita ng kabuluhan ang Gabaytorya sa pamamagitan ng koneksyon nito sa tunay na sitwasyon* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.21) na may (*SD* = 0.72), ipinapapakita pa rin nito na nag-uudyok ang mga gawain na ipamalas ang kasanayan sa loob at labas ng klase**.**

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian ayon sa Hikayat sa Paggamit ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.31 at *standard deviation* na 0.65 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapahayag ng mga resulta ang malakas na hikayat ng Gabaytorya sa paggamit nito, dahil sa mataas na mean scores na nagpo-promote ng interes at praktikal na koneksyon sa buhay. Ang resulta ng standard deviation ay nagpapatunay ng konsistente na positibong persepsyon mula sa mga tagatugon, na nagmumungkahi ng epektibong disenyo nito para sa motivasyon sa pagbasa.

Talahanayan 6.

Antas ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino Batay sa Katangian Ayon sa Kalinawan

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nagpapakita nang malinaw na instruksyon ang bawat bahagi ng Gabaytorya.	4.44	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang teksto at mga kalakip na aktibidad upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang impormasyong nais ipahayag ng paksa.	4.38	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong na maging malinaw at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa dahil sa maayos na paglalahad ng nilalaman at panuto sa bawat gawain.	4.33	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng lohikal na daloy ang mga aktibidad mula simula hanggang wakas.	4.23	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-linaw ang paggamit ng mga halimbawa at paliwanag upang maging mas konkretong gabay sa pagkatuto.	4.41	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.36 0.66 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian.

Nagpapakita nang malinaw na instruksyon ang bawat bahagi ng Gabaytorya na may (*M* = 4.44) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian sa mga tuntunin ng Kalinawan at sinusuportahan ng (*SD* = 0.69). Gayundin, nagbibigay-linaw ang paggamit ng mga halimbawa at paliwanag upang maging mas konkretong gabay sa pagkatuto na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.23) na may (*SD* = 0.67), ipinapapakita pa rin nito na nagpapakita ng lohikal na daloy ang mga aktibidad mula simula hanggang wakas ng bawat bahagi ng Gabaytorya bilang interbensyon.

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian ayon sa Kalinawan ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.36 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ang kalinawan ng Gabaytorya bilang intervention material. Ang pare-parehong positibong persepsyon mula sa mga tagatugon ay nagmumungkahi ng mataas na readability at user-friendliness ng materyales para sa epektibong Pagsasanay sa Pagbasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang mga resulta ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa test scores pagkatapos gamitin ang mga predictable at aktibong pamamaraan sa pag-unawa ng teksto. Ang mga materyales ay naglaman ng visual aids o ng mga materyal na nakikita at nakaakit sa mga mag-aaral at kontekstwal na gawain na naaayon sa mga pangangailangan ng mga bata kaya naman sila ay naeengganyong makilahok sa klase at sagutan ang mga aktibidad ng materyales.

Talahanayan 7.
Antas ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino Batay sa Katangian Ayon sa Teknikal na Pormat

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nagpapakita ng maayos na pagkakahanay ng teksto at kaisipan, ang Gabaytorya.	4.35	0.75	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-diin ang malinaw na pagkakagamit ng font, laki ng titik, at spacing para sa madaling pagbasa.	4.36	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapadali sa pag-unawa ang lohikal na organisasyon ng mga seksyon at aktibidad.	4.33	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng kaayusan ang wastong paggamit ng headings, bullet points, at numbering.	4.52	0.64	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-linaw ang maayos na paglalahad at pagkakasunod-sunod ng bahagi ng Gabaytorya.	4.47	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.41 0.66 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian.

Nagpapakita ng kaayusan ang wastong paggamit ng headings, bullet points, at numbering na may (*M* = 4.52) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian sa mga tuntunin ng Teknikal na Pormat at sinusuportahan ng (*SD* = 0.64). Gayundin, nagbibigay-linaw ang maayos na paglalahad at pagkakasunod-sunod ng bahagi ng Gabaytorya na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.33) na may (*SD* = 0.65), ipinapapakita pa rin nito na nagpapadali sa pag-unawa ang lohikal na organisasyon ng mga seksyon at aktibidad**.**

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian ayon sa Teknikal na Pormat ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.41 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ang Teknikal na Pormat ng Gabaytorya na nagdudulot ng malinaw na kaayusan at madaling pag-unawa sa mga tagatugon. Ang mataas na tugon sa headings, bullet points, at lohikal na organisasyon ay nagpapatunay ng propesyonal na disenyo na perpekto para sa epektibong implementasyon sa Pagsasanay sa Pagbasa. Dahil dito, ang Gabaytorya ay hindi lamang isang simpleng kagamitang pantulong, kundi isang estratehikong materyales na dumaan sa siyentipikong proseso ng pagbuo at pagsusuri. Ang positibong pagtanggap sa teknikal na pormat nito ay nagpapatibay sa kaisipang ang pagbuo ng sariling kagamitan ng guro ay isang kritikal na hakbang upang masiguro ang tagumpay ng bawat pagsasanay sa pagbasa.

Talahanayan 8.
Antas ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino Batay sa Katangian Ayon sa Disenyo

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nagpapakita ng kaayusan at balanse ang kabuuang disenyo ng Gabaytorya.	4.42	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-hikayat ang kulay, larawan, at grapiko upang maging kawili-wili ang aralin.	4.29	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapadali sa pag-unawa ang paggamit ng malinaw na layout at visual aids.	4.37	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapakita ng pagkakaugnay ang disenyo sa nilalaman at layunin ng aralin.	4.40	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapahusay ng interes at konsentrasyon ang kaakit-akit na presentasyon ng mga materyal.	4.35	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.36 0.66 Lubhang Mabisa		

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian.

Nagpapakita ng kaayusan at balanse ang kabuuang disenyo ng Gabaytorya na may (*M* = 4.42) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian sa mga tuntunin ng Disenyo at sinusuportahan ng (*SD* = 0.65). Gayundin, nagpapakita ng pagkakaugnay ang disenyo sa nilalaman at layunin ng aralin na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.29) na may (*SD* = 0.72), ipinapapakita pa rin nito na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nagbibigay-hikayat ang kulay, larawan, at grapiko upang maging kawili-wili ang aralin kahit pa na ang mga mag-aaral na gumamit nito ay nasa baitang 11 na, nananatiling nakatutulong ang mga ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang antas ng paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon Pagsasanay sa Pagbasa batay sa katangian ayon sa Disenyo ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.36 at *standard deviation* na 0.66 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ang Disenyo ng Gabaytorya na perpekto ang balanse ng kaayusan, pagkakaugnay ng nilalaman, at visual appeal. Ang positibong tugon sa kulay, larawan, at grapiko ay nagpapatunay ng mataas na aesthetic quality na nagiging sanhi ng mas mataas na engagement at interes ng mga tagatugon sa Pagsasanay sa Pagbasa.

Antas ng Kaalaman sa Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral ay tumutukoy sa Bokabolaryo**,** Kawastuan sa Pagbasa**,** at Bilis ng Pagbasa.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation,* mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumagot.

Sinusukat ng mga aspektong ito ang lawak at lalim ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto. Ipinakikita rin ng mga resulta kung paano nakaaapekto ang kasanayan sa bokabolaryo, kawastuan, at bilis ng pagbasa sa pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, ang mga datos na ito ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga angkop na interbensyong pampagbasa ng mga mag-aaral upang higit na mapaunlad ang pag-unawa at kakayahan ng mga ito sa asignaturang Filipino partikular sa pagbasa. Samakatuwid, ang pagsusuring ito ay nagbibigay ng malinaw na direksyon sa mga guro sa pagtukoy ng mga tiyak na kasanayang dapat bigyang-pansin upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagbasa sa Filipino nang sa gayon ay walang mag-aaral na nakababasa ngunit hindi nakauunawa.

Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral.

Nadaragdagan ang kaalaman sa kahulugan ng mga salitang ginagamit sa mga teksto sa tulong ng Gabaytorya na may (*M* = 4.47) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Bokabolaryo at sinusuportahan ng (*SD* = 0.64). Gayundin, nakatutulong ang mga gawain sa Gabaytorya upang makilala at maunawaan ang mga bagong salita na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (*M* = 4.31) na may (*SD* = 0.69), ipinapakita pa rin nito na nagpapadali sa pag-unawa sa binabasa ang mga nakahandang talasalitaan sa Gabaytorya sapagkat ang mga-aaral ay nararapat na batid muna ang mga salitang kanilang babasahin.

Talahanayan 9.
Antas ng Kaalaman sa Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral Ayon sa Bokabolaryo

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nakatutulong ang mga gawain sa Gabaytorya upang makilala at maunawaan ang mga bagong salita.	4.46	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Nadaragdagan ang kaalaman sa kahulugan ng mga salitang ginagamit sa mga teksto sa tulong ng Gabaytorya.	4.47	0.64	Lubos na sumasang-ayon
Nagtuturo ang Gabaytorya ng paggamit ng konteksto upang matukoy ang kahulugan ng mga salitang di-pamilyar.	4.32	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapadali sa pag-unawa sa binabasa ang mga nakahandang talasalitaan sa Gabaytorya.	4.31	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapalawak at nagpapatibay ng tiyak na gamit ng wikang Filipino ang paggamit ng Gabaytorya.	4.40	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.38 0.65 Lubhang Nauunawaan		

Ang antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Bokabolaryo ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.38 at *standard deviation* na 0.65 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ang bisa ng Gabaytorya sa pagpapahusay ng bokabolaryo ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mataas na tugon sa pagkilala at pag-unawa ng mga salita ay nagpapatunay ng epektibo nitong mga gawain at talasalitaan na kritikal sa pag-unawa sa teksto.

Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral.

Nakatutulong ang Gabaytorya upang makabasa nang wasto at walang pag-aalinlangan na may (*M* = 4.52) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Kawastuan sa Pagbasa at sinusuportahan ng (*SD* = 0.66). Gayundin, nagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ang pagwawasto o feedback mula sa mga gawain sa Gabaytorya na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't mas mababa ang (*M* = 4.15) na may (*SD* = 0.65), ipinapakita pa rin nito na nagpapalakas ng kumpiyansa sa tamang pagbasa sa harap ng klase ang mga pagsasanay sa Gabaytorya**.**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 10.

Antas ng Kaalaman sa Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral Ayon sa Kawastuhan sa Pagbasa

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nakatutulong ang Gabaytorya upang makabasa nang wasto at walang pag-aalinlangan.	4.52	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay-gabay ang Gabaytorya upang maiwasan ang pagkakamali sa pagbasa ng mahahabang salita.	4.32	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapalakas ng kumpiyansa sa tamang pagbasa sa harap ng klase ang mga pagsasanay sa Gabaytorya.	4.15	0.65	Sumasang-ayon
Nagtuturo ang Gabaytorya ng wastong paraan ng pagbasa sa pamamagitan ng mga pagsasanay.	4.35	0.74	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ang pagwawasto o feedback mula sa mga gawain sa Gabaytorya.	4.42	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.35 0.65 Lubhang Nauunawaan		

Ang antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Kawastuan sa Pagbasa ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.35 at *standard deviation* na 0.65 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ang bisa ng Gabaytorya sa pagpapahusay ng kawastuan at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang mataas na tugon sa wastong pagbabasa at feedback mechanism ay nagpapatunay ng epektibo nitong mga pagsasanay na kritikal sa pagbuo ng malinis at mapayapang oral reading skills.

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral.

Nakatutulong ang Gabaytorya upang unti-unting bumilis ang kakayahan sa pagbasa nang hindi nawawala ang pag-unawa na may (M = 4.48) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa mga tuntunin ng Bilis ng Pagbasa at sinusuportahan ng (SD = 0.67). Gayundin, nagpapabuti ang Gabaytorya ng tuloy-tuloy na pagbabasa nang hindi natatagal sa bawat pangungusap na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang (M = 4.33) na may (SD = 0.70), ipinapapakita pa rin nito na nagpapabawas ng pagtigil o pag-uulit sa pagbasa ang malinaw na gabay sa bawat bahagi ng teksto**.**

Talahanayan 11.

Antas ng Kaalaman sa Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral Ayon sa Bilis ng Pagbasa

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nakatutulong ang Gabaytorya upang unti-unting bumilis ang kakayahan sa pagbasa nang hindi nawawala ang pag-unawa.	4.48	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nagtuturo ang mga pagsasanay sa Gabaytorya ng tamang bilis sa pagbasa batay sa uri ng tekstong binabasa.	4.37	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapabawas ng pagtigil o pag-uulit sa pagbasa ang malinaw na gabay sa bawat bahagi ng teksto.	4.33	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang mga aktibidad sa Gabaytorya upang malinang sa mga mag-aaral ang mabilis ngunit epektibong pagbasa.	4.41	0.68	Lubos na sumasang-ayon
Nagpapabuti ang Gabaytorya ng tuloy-tuloy na pagbabasa nang hindi natatagal sa bawat pangungusap.	4.42	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.40 0.65 Lubhang Nauunawaan		

Ang antas ng kaalaman sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Bilis ng Pagbasa ay nakamit ng kabuuang *weighted mean score* na 4.40 at *standard deviation* na 0.65 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng mga resulta ng Gabaytorya sa pagpapabilis ng pagbasa habang pinapanatili ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mataas na tugon sa tuloy-tuloy na pagbabasa at bawas-pagtigil ay nagpapatunay ng epektibo nitong mga gawain na kritikal sa pagbuo ng fluent at malinis na reading fluency.

Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasulat na Pagsusulit at Pasalitang Pagsusulit.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang marka, *frequency*, *percentage*, at paglalarawan mula sa marka ng mga tagatugon.

Ang Talahanayan 12 ang nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang isinagawang pasulat na pagsusulit.

Sa siyamnapu't isang (91) mag-aaral na tagatugon, ang marka na *"90 - 100*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na animnapu't-anim (66) o 72.52% ng kabuoang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Outstanding***.** At ang marka na *"85 - 89"* ay mayroong bilang na labing-isa (11) o 12.09% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory***.** Habang ang marka na *"80 - 84"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na dalawa (2) o 2.20% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Satisfactory*.

Talahanayan 12.
Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasulat na Pagsusulit

Raw Score	**Pasulat na Pagsusulit**		**Paglalarawan**
	f	%	
90 – 100	66	*72.52*	Outstanding
85 – 89	11	*12.09*	Very Satisfactory
80 – 84	2	*2.20*	Satisfactory
75 – 79	4	*4.40*	Fairly Satisfactory
Below 75	8	*8.79*	Did Not Meet Expectation
Total	91	*100*	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*90.36* *9.79* *Outstanding*		

May kabuoang *(Weighted Mean = 90.36, SD = 9.79)* at *(pinakamababang marka = 47, pinakamataas na marka = 100)* ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasulat na Pagsusulit ay may mapaglarawang katumbas na *Outstanding.*

Ipinapakita ng mga resulta ng Gabaytorya sa pagpapahusay ng pagganap ng mga mag-aaral, na may dominatong 72.52% sa Outstanding level. Ang mataas na weighted mean na 90.36 ay nagpapatunay ng epektibong interbensyon na nagdulot ng malaking pag-unlad sa kanilang pag-unawa sa Filipino.

Talahanayan 13.
Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasalitang Pagsusulit

Raw Score	**Pasalitang Pagsusulit**		**Paglalarawan**
	f	**%**	
90 – 100	42	*46.16*	Outstanding
85 – 89	17	*18.68*	Very Satisfactory
80 – 84	19	*20.88*	Satisfactory
75 – 79	6	*6.59*	Fairly Satisfactory
Below 75	7	*7.69*	Did Not Meet Expectation
Total	**91**	***100***	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*86.95* *7.86* *Very Satisfactory*		

Ang Talahayan 13 ang nagpakita ng antas ng pagganap ng mga
mag-aaral batay sa kanilang isinagawang pasalitang pagsusulit.

Sa loob ng siyamnapu't isang tagatugong mag-aaral, ang marka na *"90 - 100*" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na apatnapu't-dalawa (42) o 46.16% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Outstanding***.** At ang marka na *"80 - 84"* ay mayroong bilang na labing-siyam (19) o 20.88% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Satisfactory***.** Habang ang marka na *"75 - 79"* ay nakakuha ng pinakamababang bilang na anim (6) o 6.59% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Fairly Satisfactory*.

May kabuoang *(Weighted Mean = 86.95, SD = 7.86)* at *(pinakamababang marka = 64, pinakamataas na marka = 100)* ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasalitang Pagsusulit ay may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory.*

Ipinapakita ng mga resulta ang solidong pagganap ng mga mag-aaral sa Pasalitang Pagsusulit na may malakas na 46.16% sa Outstanding level. Ang Very Satisfactory na weighted mean na 86.95 ay nagpapatunay ng epektibong resulta ng Gabaytorya sa pagpapahusay ng oral comprehension at verbal expression skills ng mga mag-aaral.

Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Bahagi at Katangian ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng bahagi at katangian ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral ayon sa Bokabolaryo, Kawastuan sa Pagbasa and Bilis ng Pagbasa, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.Ginamit ang pamamaraang ito upang masukat ang antas at direksyon ng ugnayan sa pagitan ng mga bahagi at katangian ng Gabaytorya at mga piling aspekto ng pag-unawa sa pagbasa. Ang resulta ng pagsusuri ay magbibigay-linaw kung may positibo, negatibo, o walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng mga baryabol na sinuri. Ipinakikita rin ng resulta kung may estadistikang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng disenyo, kalinawan, teknikal na pormat, at hikayat sa paggamit ng Gabaytorya at antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang pagsusuring ito ay nagbibigay ng matibay na batayan sa pagpapahusay ng mga bahagi at katangian ng Gabaytorya upang higit pang mapalakas ang pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral. Pagpapatunay sa bisa ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 14.

Makabuluhang Kaugnayan ng Bahagi at Katangian ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral

Paggamit ng Gaybaytorya bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa batay sa;		**Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral;**		
Bahagi ng Gabaytora		Bokabolaryo	Kawastuan sa Pagbasa	Bilis ng Pagbasa
Paksa	Pearson Correlation	.501	.569	.666*
	Sig. (2-tailed)	.006	.445	<.01
	N	90	90	90
Pagpapaunlad	Pearson Correlation	.606	.532	.587
	Sig. (2-tailed)	.148	.700	<.01
	N	90	90	90
Pagpapalihan	Pearson Correlation	.589**	.551*	.627**
	Sig. (2-tailed)	<.01	<.01	<.01
	N	90	90	90
Paglalapat	Pearson Correlation	.615**	.646**	.653**
	Sig. (2-tailed)	<.01	<.01	<.01
	N	90	90	90
Paggamit ng Gaybaytorya bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa batay sa		Pag-unawa sa Filipino ng mga Mag-aaral		
Katangian ng Gabaytora		Bokabolaryo	Kawastuan sa Pagbasa	Bilis ng Pagbasa
Hikayat sa Paggamit	Pearson Correlation	.684**	.585**	.651**
	Sig. (2-tailed)	<.01	<.01	<.01
	N	90	90	90
Kalinawan	Pearson Correlation	.678	.638	.703
	Sig. (2-tailed)	<.01	.263	<.01
	N	90	90	90
Teknikal na Pormat	Pearson Correlation	.643	.630	.646
	Sig. (2-tailed)	.011	<.01	.311
	N	90	90	90
Disenyo	Pearson Correlation	.635	.661	.660
	Sig. (2-tailed)	.026	.128	<.01
	N	90	90	90

Ang Talahanayan 14 ay nagpapakita ng makabuluhang ugnayan ng bahagi at katangian ng Gabaytorya pagsasanay sa pagbasa at pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral.

Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Paksa at pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral, ($r(91) = .501, .666$, $p < .05$), at mayroon din makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Pagpapalihan at pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral na may magandang Bokabolaryo, Kawastuan sa Pagbasa at Bilis ng Pagbasa at may kaugaliang makamit ($r(91) = .589, .551, .627$, $p < .05$). Habang ang Paglalapat at pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral na may magandang Bokabolaryo, Kawastuan sa Pagbasa at Bilis ng Pagbasa at may kaugaliang makamit ($r(91) = .615, .646, .653$, $p < .05$). Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Paksa, Pagpapalihan at Paglalapat na bahagi ng Gabaytorya bilang interbensyon ay nagpapakita ng pagtaas ng Bokabolaryo, Kawastuan sa Pagbasa at Bilis ng Pagbasa. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting pagganap ng mag-aaral.

Walang nakitang istatistikang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Pagpapaunlad at pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral ($r(91) = .606, .532$, $p > .05$). Ito ay nagpapahiwatig na sa loob ng grupong ito, ang Paksa at Pagpapaunlad ng bahagi ng Gabaytorya bilang interbensyon ay hindi makabuluhang hinulaan ang pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral, at ito ay salungat sa ilang anekdotal na inaasahan. Malinaw na nagpapakita ang mga resulta na ang Paksa, Pagpapalihan, at Paglalapat ng Gabaytorya ang pinakmalakas na naitalang positibong epekto sa bokabolaryo, kawastuan, at bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga bahaging ito ng Gabaytorya ay direktang nagdudulot ng mataas na pagganap sa pag-unawa sa Filipino. Samantala, ang Pagpapaunlad ay hindi gaanong nakakapagpabuti ng mga reading skills sa kontekstong ito.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa pangkalahatan, may makabuluhang positibong kaugnayan ang mga sumusunod na bahagi ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral. Ang malinaw na paksa, kolaboratibong talakayan, at praktikal na aplikasyon ang mga pinakakilitikal na elemento ng epektibong Pagsasanay sa Pagbasa.

Samantala, isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Hikayat sa Paggamit, Kalinawan, Teknikal na pormat, Disenyo at pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral, na may magandang Bokabolaryo, Kawastuan sa Pagbasa at Bilis ng Pagbasa at may kaugaliang makamit ($r(91) = p < .05$). Ito ay nagpapahiwatig na ang madalas na Hikayat sa Paggamit, Kalinawan, Teknikal na pormat, Disenyo sa Paggamit na Katangian ng Gabaytorya bilang interbensyon ay nagpapakita ng pagtaas ng Bokabolaryo, Kawastuan sa Pagbasa at Bilis ng Pagbasa. At ito ay nagpapakita ng ugnayan ng mas mabuting pagganap ng mag-aaral.

Ipinapakita ng mga resulta na ang Hikayat sa Paggamit, Kalinawan, Teknikal na Pormat, at Disenyo ng Gabaytorya ay may makabuluhang positibong kaugnayan at may malakas na nakakapagpabuti ng bokabolaryo, kawastuan, at bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mataas na kalidad ng mga katagang ito ay direktang nagdudulot ng mas mabuting pagganap sa pag-unawa sa Filipino, na nagpapatunay ng kahalagahan ng propesyonal na disenyo sa interbesyon ng materyal. Ang mataas na kalidad ng mga katangiang ito ay direktang responsable sa mas mataas na pagganap ng mga mag-aaral, na nagpapatunay na ang propesyonal na disenyo ng intervention materials ay kritikal sa tagumpay ng Pagsasanay sa Pagbasa.

Pagsusuri ng Paghahambing sa Pagitan ng Gabaytorya Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagganap ng mga Mag-aaral

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasulat na Pagsusulit at Pasalitang Pagsusulit, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

Ang Talahanayan 15 ay nagpapakita ng epekto ng bahagi ng Gabaytorya sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng bahagi at katangian ng Gabaytora bilang interbensyon sa pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang Pasulat na Pagsusulit at Pasalitang Pagsusulit.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang Pasulat na Pagsusulit at Pasalitang Pagsusulit sa pagitan ng mga bahagi ng Gabaytora bilang interbensyon sa pagganap ng mga mag-aaral $F(4, 86) = 6.72$, $p = .002$. Ito ay nagpapahiwatig na ang bahagi ng Gabaytora bilang interbensyon ay may epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* sa Bahagi ($M = 4.41$, $SD = 0.61$) ay nagkakaiba ($p = .002$). Pinatunayan ng resulta ang makabuluhang epekto ng mga bahagi ng Gabaytorya sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang mataas na mean score sa Bahagi ay nagpapahiwatig na ang partikular na disenyo nito ay mas epektibo kumpara sa iba pang bahagi ng interbensyon sa pagpapahusay ng written at oral performance sa Filipino.

Talahanayan 15.

Makabuluhang Epekto ng Gabaytora Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Bahagi at Katangian

Pagsasanay sa Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Bahagi							
Source	***Df***	***SS***	***MS***	***F***	***P***	***M***	***SD***
Bahagi	4	182	42.5	6.72	.002	4.31	0.67
Residual	86	5451	68.4			4.36	0.66
Total	90	5633					
Pagsasanay sa Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Katangian							
Source	*Df*	*SS*	*MS*	*F*	*P*	*M*	*SD*
Katangian	4	240	56	4.96	.04	4.36	0.65
Residual	86	5393	65.7			4.27	0.68
Total	90	5633					

Note: M = Mean; *SD* = Standard Deviation, $p < .05$

Ang resulta ay nagmumungkahi na ang mga partikular na bahagi ng Gabaytorya tulad ng Paksa, Pagpapalihan, Paglalapat ay dapat bigyang-pansin sa pagbuo ng mga intervention materials. Ang mga guro ay maaaring mag-focus sa mga bahaging ito upang mas mapahusay ang written at oral performance ng mga mag-aaral.

Gayundin ang kasalukuyang pag-aaral ay sinisiyasat ang epekto ng katangian ng Gabaytora bilang interbensyon sa pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang Pasulat na Pagsusulit at Pasalitang Pagsusulit.

Ang *analysis of variance* ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaiba sa kanilang Pasulat na Pagsusulit at Pasalitang Pagsusulit sa pagitan ng mga bahagi ng Gabaytora bilang interbensyon sa pagganap ng mga mag-aaral $F(4, 86) = 0.496$, $p = .04$. Ito ay nagpapahiwatig na ang katangian ng Gabaytora bilang interbensyon ay may epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. *Post hoc analyses* gamit ang *Tukey's HSD criterion* nagsiwalat na ang *mean score* sa Katangian ($M = 4.46$, $SD = 0.59$) ay nagkakaiba ($p = .04$). Nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba ang pagganap ng mga mag-aaral sa Pasulat at Pasalitang Pagsusulit batay sa iba't ibang katangian ng Gabaytoryap inatunayan ng resulta ang makabuluhang epekto ng mga katangian ng Gabaytorya sa pagganap ng mga mag-aaral.

Ang talahanayan 16 ay nagpapakita ng Makabuluhang epekto ng Gabaytora bilang interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pagganap ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ang resulta ng regression analysis sa epekto ng Gabaytora bilang interbensyon sa pagsasanay sa pagbasa at pagganap ng mga mag-aaral. Sinusuri nito ang ugnayan ang mga baryabol sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kabuuang 91 na tagattugon.

Sa kabuuan, lumalabas na ang modelo ay may makabuluhang kabuuang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa ANOVA result na may Significance F = 0.023, na nagpapahiwatig na ang pinagsamang mga baryabol ay may estadistikang kaugnayan sa kinalabasan ng pagganap.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 16.

Makabuluhang Epekto ng Gabaytora Bilang Interbensyon sa Pagsasanay sa Pagbasa at Pagganap ng mga Mag-aaral

SUMMARY OUTPUT								
Regression Statistics								
Multiple R	0.191339							
R Square	0.03661							
Adjusted R Square	-0.05738							
Standard Error	8.135008							
Observations	91							
ANOVA								
	df	***SS***	***MS***	***F***	***Significance F***			
Regression	8	206.2211	25.77763	3.389518	0.023319			
Residual	82	5426.625	66.17835					
Total	90	5632.846						
	Coefficients	***Standard Error***	***t Stat***	***P-value***	***Lower 95%***	***Upper 95%***	***Lower 95.0%***	***Upper 95.0%***
Intercept	74.04358	14.90451	4.967863	3.64E-06	44.39376	103.6934	44.39376	103.6934
X Variable 1	0.750271	2.04148	0.367513	0.714183	-3.31088	4.811425	-3.31088	4.811425
X Variable 2	0.508424	2.082047	0.244194	0.80769	-3.63343	4.650279	-3.63343	4.650279
X Variable 3	0.480029	1.885497	0.25459	0.799677	-3.27082	4.230883	-3.27082	4.230883
X Variable 4	1.360001	2.190723	0.6208	0.536453	-2.99805	5.718047	-2.99805	5.718047
X Variable 5	1.809941	2.277446	0.794724	0.429068	-2.72062	6.340506	-2.72062	6.340506
X Variable 6	-0.44761	1.961266	-0.22822	0.82004	-4.34919	3.453974	-4.34919	3.453974
X Variable 7	0.180635	1.841758	0.098077	0.92211	-3.48321	3.844479	-3.48321	3.844479
X Variable 8	-1.23163	1.84498	-0.66755	0.506292	-4.90188	2.438628	-4.90188	2.438628

Gayunpaman, batay sa regression statistics, ang R Square na 0.0366 ay nagpapakita na maliit lamang ang bahaging naipapaliwanag ng Gabaytora bilang interbensyon sa kabuuang pagbabago ng pagganap ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, bagama't may makabuluhang modelo, limitado lamang ang lakas nito sa pagpapaliwanag ng performance.

Samanatala, ipinapakita ng coefficients ng bawat baryabol na walang indibidwal na baryabol ang nagpakita ng makabuluhang epekto sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang p-values na pawang higit sa 0.05. Ipinapahiwatig nito na ang bawat salik ay hindi sapat upang magkaroon ng malinaw at direktang impluwensya sa akademikong pagganap.

Lumalabas na ang Gabaytora bilang interbensyon ay may limitadong ngunit makabuluhang kabuuang ugnayan sa pagganap ng mga mag-aaral, subalit ang epekto nito ay hindi sapat upang ipaliwanag nang buo ang pagbabago sa kanilang performance. Ipinapahiwatig din nito na maaaring may iba pang salik na higit na nakaaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral na hindi pa nasasaklaw sa kasalukuyang modelo o pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik.

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pagbibigay-linaw ng lagom ng mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo ng pag-aaral na ito.

1. Lumabas na may makabuluhang kaugnayan ang Gabaytorya bilang interbensyon sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral ay kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinanggap. Nakakitaan ang mga mag-aaral ng malaking pagbabago sa kanilang pag-unawa sa asignatura at tekstong Filipino matapos gamitin ang Gabaytorya sapagkat mas mabilis na nilang nahihinuha ang konteksto ng mga babasahin at nakapagbibigay sila ng kanilang sariling saloobin, opinyon, at kuro-kuro hinggil dito.

2. Gayundin lumabas na may makabuluhang epekto ang Gabaytorya sa pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Makikita ang karagdagan sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Gabaytorya batay sa mga pasalitang at pasulat na pagsusulit. Natutunan ng mag-aaral na kailangan muna nilang unawain ang teksto bago sagutin ang katanungang nakapaloob dito at naging mahusay at aktibo sa mga performance task ang mga mag-aaral.

Rekomendasyon

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Inirerekomenda sa mga mag-aaral ang paggamit ng interbensyon upang mas mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa asignaturang Filipino.
2. Hinihikayat ang mga magulang na gawing daluyan ng kaalaman at karunungan ang interbensyong binuo upang maging tugon sa kakulangan sa kakayahang nakikita sa kanilang mga anak.
3. Inirerekomenda sa mga guro sa Filipino ang patuloy na sistematiko, at mas pinalawak na paggamit ng Gabaytorya bilang interbensyon sa pagsasanay sa pagbasa at pag-unawa, lalo na sa pagpapaunlad ng bokabolaryo, kawastuan sa pagbasa, at bilis ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Mainam ding iangkop ang mga gawain sa iba't ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral upang mas maging epektibo ang interbensyon.
4. Hinihikayat ang maga paaralan at admimistrasyon ang pagsuporta sa implementasyon ng Gabaytorya sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na oras sa remedial at enrichment classes, pati na rin ng mga kagamitang panturo at pagsasanay sa mga guro para sa mas maayos at pare-parehong paggamit.
5. Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik ang pagsasagawa ng mga karagdagang pag-aaral na maaaring magpalawak sa saklaw ng pananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng mas malaking bilang ng tagatugon, mas mahabang panahon ng implementasyon, at iba pang baryabol na maaaring makaapekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa at pagganap ng mga mag-aaral.

SANGGUNIAN

1. *Garcia, L. P., SANTOS, M. C., & REYES, J. T. (2025). Pagsusuri sa mga salik na nakakaapekto sa pagbasa. Asian Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5(9), 889-899.https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/05/K259058899.pdf*
2. *Lodriga, J (2020) Kabisaan sa Paggamit ng Interbensyon sa Pagbasa at Kaugnayan nito sa Performans ng Mag-aaral sa Pagbasa ng mga Kontemporaryong Teksto*
3. *Reyes, A. B. (2016). Kahalagahan ng pagbabasa. Academia.edu. https://www.academia.edu/25529651/Kahalagahan_ng_Pagbabasa*